

# Kailan dapat magsuot ng mask sa Alameda County

Mga kinakailangan at rekomendasyon



Bagaman ganap nang bukas ang California, nandyan pa rin ang panganib na magkaroon ng COVID-19, lalo na sa mga hindi nakumpleto ang bakuna. Kapag tama ang pagsusuot ng mask ng mga tao, pinoprotektahan nila ang ibang tao pati na rin ang kanilang mga sarili.

Ang lahat ng 2 taong gulang at mas matanda\* ay dapat patuloy na magsuot ng mask, anuman ang kanilang katayuan sa pagpapabakuna, kapag nasa loob ng mga pampublikong lugar at mga negosyo.

## Ang lahat ay dapat magsuot ng mask, anuman ang katayuan tungkol sa pagpapabakuna:

- Sa lahat ng uri ng pampublikong transportasyon, kabilang ang mga eroplano, tren, bus, mga ferry, taxi at mga transportasyon na may kasamang ibang pasahero (ride-share)
- Sa mga hub ng transportasyon tulad ng mga paliparan, himpilan ng bus, istasyon ng tren, mga marina, mga puwerto o iba pang mga daungan, mga istasyon ng subway
- Mga lugar na para sa pangangalagang pangkalusugan
- Mga bilanguan ng estado at lokal at mga detention center
- Mga shelter at mga sentro para magpalamig (cooling centers)
- Sa loob ng anumang pasilidad na naglilingkod sa kabataan (tulad ng mga paaralang K-12, nag-aalaga ng mga bata, mga day camp, atbp.)
- Anumang negosyo o tanggapan ng gobyerno na naglilingkod sa publiko na hinihiling sa lahat na magsuot ng mask

Sa loob ng mga pampublikong lugar at mga negosyo, halimbawa:

- Mga sinehan
- Mga restaurant
- Mga tindahan
- Mga pampamilyang entertainment center
- Malalaking kaganapan
- Mga pagpupulong
- Mga tanggapan ng gobyerno na naglilingkod sa publiko

## Ang lahat ay mahigpit na hinihikayat na magsuot ng mask sa labas kapag nasa mataong lugar at kapag nasa loob ng hindi pampublikong lugar.

**Kasama sa mga hindi pampublikong lugar na nasa loob ang mga pribadong tirahan kapag kasama mo ang mga taong hindi nakatira iyong bahay.**

Bagaman ang mga taong nakumpleto ang mga bakuna ay protektadong magkasakit mula sa mga variant, posible silang makakuha ng mga impeksiyon na walang sintomas (asymptomatic) o hindi malubha.

Habang tumataas ang mga kaso ng COVID-19 at kumakalat ang Delta variant, hinihiling sa lahat na magsuot ng mga mask para tumulong na mapabagal ang pagkalat ng virus.

Para alamin pa, bisitahin ang:

<http://covid-19.acgov.org/face-masks>

\*May ilang tao na hindi dapat magsuot ng mask, tulad ng mga bata na mas bata sa edad na 2 at mga taong may ilang medikal na kondisyon o kapansanan na maaari mong malaman pa sa: [covid19.ca.gov/masks-and-ppe/](https://covid19.ca.gov/masks-and-ppe/).



**ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY  
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT**

Colleen Chawla – Agency Director  
Kimi Watkins-Tartt – Director  
Nicholas Moss, MD – Health Officer

Contact

Public Health Department:  
(510) 267-8000 Main Line

COVID-19 Information:  
(510) 268-2101

[www.acphd.org](http://www.acphd.org)